

Umiiral at binabalak na mga panukala sa pagtataguyod ng pagkakapantay-pantay ng lahi

Obserbatoryo ng Hong Kong

Ang Obserbatoryo ng Hong Kong (HKO) ay naglalayong makapagbigay mataas na kalidad na serbisyong meterolohiko upang matugunan ang mga pangangailangan ng pangkalahatang publiko, pati na rin ang ibang espesyal na tagagamit kabilang ang sektor ng paglalakbay sa dagat at himpapawid. Binibigyan ng malaking halaga ng HKO na matiyak ang pantay-pantay na paglapit sa aming mga serbisyo ng mga miyembro ng publiko, anuman ang kanilang pinagmulang lahi.

Mga Serbisyong May Kinalaman

- Ang HKO ay responsable sa (a) pagbibigay ng mga ulat ng panahon at pagbibigay ng mga babala sa mapanganib na panahon; (b) pagbibigay ng impormasyon sa antas ng radiation sa kapaligiran ng Hong Kong; at (c) pagpapanatili ng batayan sa oras ng Hong Kong at pagbibigay ng mga impormasyong geopisiko, oceanograpiko, astronomiko at klimatolohiko.

Umiiral na Mga Panukala

- Impormasyon tungkol sa babala ng panahon ng HKO at mga magagamit na mga serbisyo sa websayt ng HKO sa dalawang opisyal na mga wika sa Hong Kong (i.e. Tsino at Ingles). Inilunsad din ang personalisadong websayt ng panahon upang magbigay ng pangunahing impormasyon tungkol sa panahon sa iba't ibang mga wika¹.
- Ang mga polyeto/libretong pang-impormasyon at kaalaman ay inilathala rin sa parehong opisyal na mga wika para sa pamamahagi sa pangkalahatang publiko. Dagdag pa, isinalin ng HKO ang limang polyeto tungkol sa babala ng panahon ("[Mga Hudyat ng Babala ng Hong Kong sa Tropikal na Bagyo](#)", "[Malamig at Napakainit na Panahon](#)", "[Sistema ng Babala Tuwing May Rainstorm](#)", "[Hudyat ng Malakas na Monsoon](#)" at "[Ang pagkabuo at mga banta ng Mga Thunderstorm](#)") sa iba't ibang mga wika¹ na inupload sa websayt ng HKO² (<https://www.hko.gov.hk/tc/publica/pubgen.htm>).

¹ Kasama sa mga wika ang Hindi, Nepali, Urdu, Thai, Bahasa Indonesia, Tagalog, Punjabi, at Vietnamese

² Paglalathala Blg. 20, 25, 33, 35, 44

- Ang mga online na kursong bidyong inihanda para sa pampublikong edukasyon sa wikang Tsino ay bahagyang may bersiyon sa Ingles³.
 - Ang kawnter sa punong-tanggapan ng HKO at ng Resource Centre ay nagbibigay ng Kard ng Pagkakakilanlan sa Wika para sa mga taong mula sa iba't ibang lahi upang makahingi ng tulong para sa suporta sa wika kung kinakailangan.
- Pagtatasa ng Mga Gawain sa Hinaharap
- Pana-panahong susuriin ng HKO ang aming mga serbisyo, na may pananaw na tugunan ang mga pangangailangan ng mga taong magkakaibang lahi.
- Mga Karagdagang Panukalang Ipinatupad/ Ipatutupad
- Magbibigay ang HKO ng maraming polyeto/libreto sa babala ng panahon sa iba't ibang wika.
 - Ang HKO ay mag-aayos ng mga gawaing pangkaalaman para sa mga taong mula sa iba't ibang lahi kung kinakailangan, tulad ng pagbisita sa HKO.
 - Magbibigay ang HKO ng mas maraming bilingguwal na online na kursong bidyo para sa pampublikong edukasyon.

Para sa mga katanungan, mangyaring makipag-ugnay kay G. Alan WONG, Assistant Departmental Secretary (General) 2 sa pamamagitan ng mga sumusunod na pamamaraan :-

Telepono : 2926 8039
 Fax : 2311 9448
 Email : mailbox@hko.gov.hk
 Koreo : Hong Kong Observatory
 134A Nathan Road
 Kowloon
 Hong Kong

**Ang Obserbatoryo ng Hong Kong
 Hulyo 2022**

³ Kasama ang lahat ng 13 episodyo ng seryeng "Online na Kursong Bidyo sa Pagmamasiid sa Panahon."